Mining Ombudsman case report: Rapu Rapu polymetallic mine

October 2008

Executive Summary

"Ang pangangalakal ay ang pangunahing pinagkukunan ng pamumuhunan, paglikha ng trabaho, at pamilihan..... binubuo ng mga makapangyarihang pwersa na may kakayahang paunlarin ang ekonomiya, bawasan ang kahirapan, at palakasin ang pangangailangan sa pagpapatupad ng mga batas nang upang sa gayun ay maka-ambag sa pagsasakatuparan ng malawak na saklaw ng mga karapatang pantao...

Bukod pa sa pagsunod sa batas na itinakda ng bansa, ang bawat kumpanya ay may pananagutan na igalang ang mga karapatang pantao. Maaring ilagay ang kumpanya sa sa hukuman ng pampublikong opinyon kapag hindi sila sumunod sa batas ....[A]ng malawak na saklaw ng responsibilidad ng paggalang ay idinikta ayon sa inaasahan ng lipunan bilang bahagi na kung minsa'y tinatawag na panlipunang lisensya ng isang kumpanya sa pagpapatakbo ng negosyo."
Propesor John Ruggie
Kinatawan ng mga Bansang Nagkakaisa
Para sa Kalihim Heneral ng Negosyo at Karapatang Pantao
Ulat para sa Sanggunian ng Karapatang Pantao ng mga Bansang Nagkakaisa, Hunyo 2008

"Ang isang kumpanyang may panlipunang pananagutan ay nakikinig sa ninais ng kumunidad dahil kung hindi sila katanggap-tanggap malayong ito ay magtagumpay".
Ginoong Alfredo Non
Presidente ng Rapu Rapu Minerals Inc
Ika-20 Marso taong 2007

"Ang panlipunang lisensiya upang ipagpatuloy ang operasyon ay nawala na sa Rapu Rapu."
Mr Horacio Ramos
Director of the Mines and Geosciences Bureau
Department of Environment and Natural Resources Philippines
18 December 2007

Ang ulat na ito ay binabalangkas ang panlipunan at pangkapaligirang epekto na dulot ng operasyon ng Awstralyanong polymetalikong minahan sa isla ng Rapu Rapu, Pilipinas at ang kabiguan ng dalawang Awstralyanong kumpanya — ang Lafayette Mining Limited at ANZ— na pangunahing bigyang pansin ang kapakanan ng komunidad.

Ang Lafayette Mining Limited o "Lafayette" ay isa sa mga lehitimong minahang kumpanya sa Australya hanggang sa ito ay suspindihin ng Austalian Stock Exchange nitong Agosto 2008. Ang Lafayette ang nagmamay-ari ng dalawang proyekto ng pagmimina sa isla ng Rapu Rapu. Ito ay ang Rapu Rapu Minerals Inc (RRMI) at Rapu Rapu Processing Inc (RRPI). Ang mga proyekto ng pagmimina sa Rapu Rapu ay malaki at patuloy na nakakatanggap ng sapat ng tulong pampinansyal mula sa isang samahan ng mga pandaigdigang bangko, nangunguna na rito ang ANZ isa sa pinakamalaking bangko sa Australya

Nakatala sa kasaysayan ng pagmimina sa Rapu Rapu ang hindi pagdinig at pagharap ng Lafayette sa mga hinanaing ng mga lokal na komunidad. Matinding tinutulan ng mga komunidad ang epekto ng pagmimina sa kanilang kapaligiran at kabuhayan. Bigo din ang bangkong ANZ sa hindi pagtugon nang ipinaliwanag ng mga komunidad at mga taga-suporta na ang pagmimina ay nagdudulot ng

nakapipinsalang epekto sa lipunan at kapaligiran. Panghuli, nagkulang ang lokal na pamahalaan sa kaniyang pananagutan na ipataw ang epektibong patakaran.

Ang mababang kalidad ng pamamaraang protektahan ang kapaligiran sa minahan ng Rapu Rapu ang naging dahilan sa dalawang ulit na pagkatapon ng cyanide at ang pagkamatay ng mga isda sa loob ng anim na buwan mula nang simulan ang operasyon ng pagmimina.

Malaki ang naging epekto nito sa pamumuhay ng mga mangingisda, gayundin, nagdulot ito ng takot sa komunidad ukol sa pagkain ng mga isdang nahuli sa pinangyarihan ng insidente. Bukod pa doon, ang mga katabing nayon ay patuloy ang pagpoprotesta ukol sa isyu ng mapinsalang epekto ng pagmimina sa Rapu Rapu bago pa man at nang magsimula na ang operasyon. Ang mga hinanaing na ito ay ang mga sumusunod:

- potensyal na pagkasira ng kapaligiran kabilang na ang lokal na palaisdaan, patubig, at ng matibay na lupain at mangyayaring negatibong epekto kapag nagsimula na ang operasyon.
- Ang malaking negatibong epekto nito sa kabuhayan bunga ng biglang pagbaba ng benta ng mga isda na nagmula sa baybayin ng Rapu Rapu dahil sa takot ng mga mamimili na malason;
- pagkabahala sa negatibong epekto ng pagmimina sa kalusugan
- Pagdami ng mga hukbong militar; at
- Bigong pagpapaalam sa simulain sa mga lokal na komunidad kaugnay ng operasyon ng pagmimina, at ang patuloy na pagbigay ng impormasyon.

Liban pa dito, kakaunti o kung mayroon man, benepisyong natatamasa ang mga lokal na kumunidad. Mababa ang naging antas ng lokal na empleyo at nagsulputan din ang mga hindi sustenableng programa para sa komunidad. Bukod pa doon, ang pagmimina ay hindi malaki ang naging kontribusyong buwis sa lokal, rehiyonal o pambansang kaban ng Bayan dahil sa sukdulang pagkakaloob ng konsesyon sa buwis ng dayuhang kumpanya. Ito ay espesyal na dinesenyo ng pamahalaan ng Pilipinas upang mahikayat ang mga dayuhan na mamuhunan sa bansa.

Ang mababang kalidad ng pagsasaalang alang sa magiging kalagayan ng kapaligaran at hindi agarang pagtugon sa mga hinanaing ng mga lokal na kumunidad at iba't ibang nagmamalasakit na organisasyon ay nagdulot ng kawalan ng tiwala ng mga mamamayan sa Lafayette. Nawalan din ng tiwala sa Lafayette at sa mga bangkong sumusuporta sa operasyon ng minahan at sa kakayahan ng lokal na awtoridad na epektibong ipatupad ang mga patakaran.

Samantala, ang ANZ ay hindi rin nagtagumpay na ipamalas ang panlipunan at kapaligirang kredensiyal nito. Ang Oxfam Australya ay naniniwala na ang isang mahusay na gawi ng pagpapautang ay kailangan ng mahusay na pagtaya sa panlipunan at pangkapaligirang panganib ng pagmimina upang maiwasan ang anumang negatibong epekto na maaring mangyari. Ang ganitong pamamaraan ay hindi nangyari sa kaso ng Lafayette.

Dagdag pa, ang ANZ at dalawa pang bangko na sumusuporta sa proyekto ay lumagda sa Equator Principle --- isang boluntaryong pagsunod ng mga nagpapautang sa mga itinakdang pamantayan bilang gabay sa pagpapautang ng mga bangko.

.

Habang ang Oxfam Australya ay magiliw na tinatanggap ang pagbuo ng mga nasabing pamantayan para sa pagbibigay ng pampinansyal na suporta, ang kilos ng mga bangkong may kinalaman sa proyekto ng pagmimina sa Rapu Rapu ay nakalikha ng pagduda ukol sa lawak ng mga pamantayang ipinapapatupad.

Sa halip na gumawa ng mga hakbang upang solusyunan ang mga naging negatibong epekto ng pagmimina, ang ANZ at ang iba pang bangko na namumuhunan sa proyekto ng pagmimina sa Rapu Rapu sa halagang USD $268 million (AUD $311 million), inuna pa ang pag-iwas sa nakikinitang paglugi

Nang malinaw na gipit na sa pinansiya ang Lafayette , ibenenta ng bangko ang kanilang utang at ipinasa ang minahan sa iba nang hindi man lamang ipinaalam ang mga hakbang na dapat gawin upang unahing bigyang pansin ang panlipunan at pangkapaligirang usapin.

Walang pondong inilaan para ayusin ang mga napinsala sa kapaligiran ng proyekto ng pagmimina. Walang perang itinabi upang tustusan ang ikinabubuhay ng mamamayan o bigyang-danyos ang nakaraang pinsala.

Matapos ang pagkatapon ng asido noong 2005, nasuspende ang operasyon ng pagmimina. Hindi nakuhang bayaran ng Lafayette and pagkakautang nito sa ANZ at sa sindikato ng mga bangko. Nang patapos na ang taong 2007, ipinasok ng Lafayette ang pangangasiwa sa labas ng kumpanya noog Abril 2008, ipinahayag ng mga namamahala ang pagbenta sa utang ng bangko at ang interes ng Lafayette sa minahan ng Rapu Rapu.

Hawak ng kumpanyang LG International ang 42 porsiyento ng pagmimina, ang Kores ay 28 porsiyento, at ang Malaysian Smelting Corp ay 30 porsiyento naman. Bagamat laganap ang pagtuligsa at di pagsang ayun ng mga lokal at rehiyonal na opisyal, itinuturing o sinasabing ang pagmimina ay "handa na muling simulan ang komersiyal na operasyon."

Ang pagtagumpay at pagkabigo ng Lafayette ay babala sa mga kumpanyang nasa industriya ng minahan na hindi sinusunod ang pinakamataas na panlipunan at pangkapaligirang pamantayan sa kanilang operasyon sa ibayong dagat. Ang kasong ito ang nagpatunay na ang hindi pagbibigay halaga sa tungkulin ay magdudulot ng pagkasira ng kalikasan at matagalang pinsala sa pamumuhay ng mga mamamayan ng lokal na kumunidad. Bilang katibayan sa pagbagsak ng Lafayette, magdudulot din ng pinansiyal na pagkalugi. Ang lahat ng ito ay may kakayahang pababain ang reputasyon ng mga sektor ng minahang Australyano sa ibang bansa kung kaya lalong magiging mapagbantay ang mga komunidad sa mga papaunlad na bansa sa pagmimina ng mga dayuhan sa kanilang lupain.

Ang ulat na ito ay nais tiyakin na mayroong matutunang aral sa nangyaring pagmimina sa Rapu-Rapu.

Ang pagmimina sa Rapu-Rapu ay isang halimbawa ng pagbaligtad sa panlipunang responsibilidad ng isang korporasyon, ang mga proyekto ng pagmimina ay hindi dapat nagreresulta sa pagbibigay halaga sa pagkamit ng kayamanan na walang pagsaalang-alang sa kapakanan ng komunidad at hindi dapat iwanan ng kumpanya ang mga lokal na komunidad na mas mahirap pa nang ito ay maratnan.

Ang mga kumpanya na matututo sa kaso na ito ay may oportunidad na gawin ang mga nararapat sa kanilang operasyon katulad ng paghingi ng malaya at paunang permiso ng pagpapaalam mula sa mga kumunidad bago pa simulan ang mga aktibidades ng pagmimina.sa pamamagitan ng pagbabantay at agarang pagaksyon sa panlipunan at pangkapaligirang epekto, pagbabalik sa mga apektadong komunidad nang isang epektibo at sustenableng programang makakatulong sa pag-unlad at pagsustena ng ekonomiya.

.

Sa pamamagitan ng paggalang sa karapatan ng mga mamamayan, ang mga kumpanya ng minahan ay may malaking maiaambag sa ikauunlad ng pangkatauhan at pagbawas ng kahirapan.

Ang Oxfam Australya ay gumawa ng ilang rekomendasyon para sa mga kasalukuyang nagmamay-ari ng minahan, mga mambabatas/opisyal ng Pilipinas,Awstralanong industriya ng pagmimina], ANZ at mga tagasuportang pinansiyal ng proyekto ng pagmimina sa mga umuunlad pa lamang na mga bansa, at para sa pamahalaan ng Australya. Kung susumahin, ang mga rekomendasyon ay ang mga sumusunod(ngunit hindi limitado sa):

Para sa may-ari ng minahan:

- Huwag muling simulan ang operasyon hanggang hindi sumasangayon ang komunidad.
- Siguraduhin ang pagpapayos ng minahan kasama na ang pagtugon sa naging epekto ng asido mula sa minahan na dumaloy sa mga paagusan.
- Kapag ipinagkaloob ang permiso, tiyakin na ang panlipunan at pangkalikasang epekto ng proyekto ng pagmimina ay regular na nababantayan. Siguraduhin ding ang buong kumunidad ay nakikiisa at nagiging bahagi ng proyekto, isaalang alang din na may nakahandang plano para maiwasan ang anumang kapahamakan, at higit sa lahat siguraduhin ang mga hinanaing ng komunidad ay napapakinggan at naaaksyunan:

Para sa mga Mambabatas sa Pilipinas:

- Tanggalin ang tax exemption na ipinagkakaloob sa mga proyekto ng pagmimina; siguraduhing ang mga buwis ay nababayaran sa tamang araw; at lumagda sa Extractive Industries Transparency Initiative.
- Huwag hahayaang simulan muli ang proyekto ng pagmimina sa Rapu Rapu hanggang hindi napapatunayan ng isang independenteng tagapag-imbestiga na ang Rapu Rapu ay isang lugar na akma para sa pagmimina. Higit sa lahat, kailangan din sa operasyon ng pagmimina ang pagsang-ayon mula sa mga mamamayan ng kumunidad.
- Kapag sumangayon ang mga kumunidad na ituloy ang operasyon ng pagmimina at napatunayang ang Rapu Rapu ay akmang lugar para sa pagmimina, obligahin ang mga tagapamahala ng operasyon ng pagmimina na:
  - lumagda sa isang kasunduan nang pagpapatakbo ng minahan bago ito magsimula na gagarantiya na may sapat na pondo na ilalaan sa pagsara ng minahan at matugunan ang patuloy na epekto ng pagtagas ng asido sa daluyan;
  - magsagawa ng regular na pagbabantay sa kapaligiran;
  - magtatag ng mekanismo para sa paglutas ng iniriklamong paglabag sa karapatang pantao.
  - magpatupad ng epektibong plano para sa kahandaan sa anumang pagbabadya ng kapamahakan; at
  - tiyakin na ang bawat mamamayan ay may pantay na oportunidad na makapasok ng trabaho.

Para sa Industriya ng Pagmimina ng Australya :

- Kapag nawala na ang panlipunang lisensiya na magpatakbo ng minahan, siguraduhing gawin ang lahat ng pamamaran upang maibalik ang tiwala ng mga lokal na mamamayan, isama na dito ang pagsisiguro na hayag ang lahat ng mga ginagawa ng operasyon at kasapi ang lokal na mamamayan sa pagbabantay.
- Suportahan ang pagtatag ng isang independenteng mekanismo ng pagriklamo sa Australya para sa mga komunidad na naapektuhan ng mga operasyon ng Awstralyanong minahan sa ibayong dagat.

Para sa ANZ at ibang bangko, at iba pang nagkakaloob ng suportang pinansiyal:

- Kung saan natukoy na may isyung panlipunan at pangkapaligiran ang mga proyektong pinondohan ng mga banko, tiyakin na bukas at hayag sa publiko ang mga pananagutan nila kaugnay ng *Equator Principles,* at tiyakin na indpendente ang teknikal na tagapagpayo at ipinapa-alam ang kanilang payo ukol sa panlipunan at pangkapaligirang epekto ng proyekto.
- Baguhin ang Equator Principles upang masiguradong ito ay umaayon sa mga pamantayan ng pandaigdigang karapatang pantao, lumikha din ng proseso ng pagriklamo kapag ang mga bangko ay lumabag sa kanilang nilagdaang kasunduan na ayon sa Equator Principles.
- Siguraduhing ang mga proyektong pinondohan ng bangko ay dumaan sa masusing pagsusuri sa maaring maging epekto ng proyekto sa karapatang pantao.at magtalaga rin ng lugar para sa pagtatag ng mekanismo sa paglutas ng niriklamong paglabag sa karapatang pantao.
- Suportahan ang pagtatag ng isang independenteng mekanismo ng pagriklamo sa Australya para sa mga komunidad na naapektuhan ng mga operasyon ng Awstralyanong minahan sa ibayong dagat.

Para sa Pamahalaan ng Australya:

- Hikayatin ang mga Awstralyanong kumpanya na igalang ang karapatang pantao ng mga mamamayan sa komunidad na nasasakupan ng kanilang operasyon, sa Australya o ibayong dagat.
- Bumuo ng batas at patakaran upang maiwasan ang paglabag sa karapatang pantao ng mga Awstralyanong kumpanyang nasa ibang bansa., kasama na dito ang pagtatag sa Australya ng indepenteng mekanismo ng pagriklamo para sa mga apektadong komunidad ng ibang bansa.